



## Para sa karagdagang impormasyon

Pumunta sa [www.healthysanfrancisco.org](http://www.healthysanfrancisco.org)



# HealthySF

OUR HEALTH ACCESS PROGRAM

## Ang Healthy San Francisco ay hindi Insurance sa Kalusugan

Kailangan na ngayon ng karamihan ng mga Amerikano na magkaroon ng insurance sa kalusugan. Kung hindi kayo naka-insure, maaaring kailangan ninyong magbayad ng multa kapag isumumite ninyo ang inyong mga buwis.

Ang Healthy San Francisco ay hindi insurance at hindi nito natutugunan ang mga hinihingi para sa insurance sa kalusugan. Kung hinihingi sa inyong magkaroon kayo ng insurance sa kalusugan at mayroon lamang kayong Healthy San Francisco, maaaring kailangan ninyong magbayad ng multa kapag isumumite ninyo ang inyong mga buwis.

**Mas mainam na opsyon ang insurance sa kalusugan kaysa sa Healthy San Francisco.** Nag-aalok ito ng mas maraming benepisyo at serbisyo. Sa insurance sa kalusugan, saklaw din kayo kapag magkasakit o masugatan kayo sa labas ng San Francisco.



Tawagan ang Healthy San Francisco Customer Service: **1(415) 615-4555**

Nakahanda ang mga kinatawan ng Customer Service Lunes hanggang Biyernes mula 8:30am hanggang 5:30pm

Email [info@healthysanfrancisco.org](mailto:info@healthysanfrancisco.org)



## Impormasyon sa Programa at Gabay sa Pagpapatala



# HealthySF

OUR HEALTH ACCESS PROGRAM



Lungsod at County ng San Francisco  
Departamento ng Kalusugan ng Publiko

[www.healthysanfrancisco.org](http://www.healthysanfrancisco.org)

WELCOME SA

# Healthy San Francisco

**Nagbibigay ang Healthy San Francisco ng abot-kayang mga serbisyong pangangalaga ng kalusugan sa mga taong hindi naka-insure na nakatira sa San Francisco. Ito ay makabagong paraan para makakuha ang mga hindi naka-insure na taga-San Francisco ng pangunahin, nagpapatuloy, de-kalidad na pangangalagang medikal.**

## Kwalipikado Ba Kayo?

Maaaring maging kwalipikado kayo para sa Healthy San Francisco kung natutugunan ninyo ang lahat ng sumusunod:

- Residente ng San Francisco\*
- Hindi naka-insure sa nakaraang 90 araw
- Hindi kwalipikado para sa mga pampublikong programa sa insurance tulad ng Medi-Cal o Medicare
- Edad 18 o mas matanda
- Namumuhay nang alinsunod sa mga alituntunin ng programa sa kita

Ang Healthy San Francisco ay bukas sa lahat ng residente ng San Francisco anuman ang katayuan sa imigrasyon, sa trabaho, o kasalukuyang kondisyong medikal.

*\*Ang paninirahan ay binibigyang-kahulugan bilang paninirahan sa Lungsod ng San Francisco na may layuning tumira nang permanente. Ang mga indibidwal na pansamantalang nakatira sa San Francisco sa aktibong I-94 form ay hindi kwalipikado para sa Healthy San Francisco.*



## Paano Ako Mag-a-apply?

Para mag-apply sa Healthy San Francisco, kailangan ninyong makipagpulong sa isang Application Assistor ng programa. Hihingin sa inyong magbigay kayo ng mga dokumento tulad ng personal na pagkakakilanlan, katibayan na nakatira kayo sa San Francisco, at katibayan ng kita at mga ari-arian ng inyong pamilya. Sa panahon ng proseso ng aplikasyon, sasabihin sa inyo ng assistor kung kwalipikado kayo o hindi.

## Maghanap ng Lugar na Pagpapatalaan

Maraming madaling puntahang lugar na pagpapatalaan para sa Healthy San Francisco sa buong San Francisco. Para maghanap ng lugar na pagpapatalaang malapit sa inyo, mangyaring pumunta sa [www.healthysanfrancisco.org](http://www.healthysanfrancisco.org) o tawagan ang Healthy San Francisco Customer Service sa **1(415) 615-4555**.

## Mga Babayaran sa Programa

May dalawang uri ng babayaran na maaaring hingin pagkatapos ninyong sumali sa Healthy San Francisco: Isang Babayaran ng Kalahok at Babayaran sa Lugar kung saan ipinagkakaloob ang Serbisyo

## Mga Babayaran ng Kalahok

Ang inyong babayaran bilang kalahok tuwing tatlong buwan ay batay sa sukat, kita, at perang ari-arian ng inyong sambahayan. Kung mas mababa ang inyong kita sa isang partikular na halaga maaaring hindi ninyo kailangang bayaran ang babayaran ng kalahok.

Ang mga babayaran ng kalahok ay maaaring umabot nang \$0 hanggang \$450 at binabayaran nang apat na beses bawat taon.

## Mga Babayaran sa Lugar kung saan Ipinagkakaloob ang Serbisyo

Ang Babayaran sa Lugar kung Saan Ipinagkakaloob ang Serbisyo ay kaunting halagang binabayaran kapag bibisita kayo sa inyong doktor, kukuha ng reseta, o pupunta sa emergency room. Ang halaga ng babayaranang ito ay depende kung sa aling Medical Home kayo kabilang, at sa kita ng inyong sambahayan. Kung mas mababa ang inyong kita sa isang partikular na halaga, maaaring hindi ninyo kailangang bayaran ang Babayaran sa Lugar kung saan ipinagkakaloob ang Serbisyo.



## Mga Serbisyo at Benepisyong ng Programa

Nakakatanggap ang mga kalahok sa Healthy San Francisco ng mga pangunahing serbisyong medikal na kinabibilangan ng:

- Pang-iwas sa Sakit, Regular, at Espesyal na Pangangalaga
- Inireresetang mga Gamot
- Pangangalaga ng Ospital
- Pangangalaga para sa Sobrang Paggamit ng Alak at Droga
- Pangangalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip
- Mga Serbisyo ng Ambulansya (Pang-emergency na transportasyon sa loob lamang ng San Francisco)
- Mga Serbisyo at Pagsusuri sa Laboratoryo
- Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya

## Mga Serbisyong Hindi Kasama

Kabilang sa mga serbisyong pangangalaga ng kalusugan na hindi ipinagkakaloob ng Healthy San Francisco ang, ngunit hindi limitado sa: Pangangalaga sa Ngipin, Paningin, Acupuncture, at Pangmatagalang Pangangalaga.

## Karagdagang Mga Benepisyong ng Kalahok

Lahat ng Kalahok sa Healthy San Francisco ay nakakatanggap ng pang-personal na ID Card ng Kalahok, isang pahayagan ng kalahok, mga babasahin para sa edukasyong pangkalusugan, at access sa mababait na kinatawan ng Customer Service Center na makakatulong sagutin ang mga tanong.



**HealthySF**

OUR HEALTH ACCESS PROGRAM